THE TAMARAO JOURNAL

WHAT'S INSIDE?

3 PAGPUPULONG NG MGA MAGSASAKA, DINALUHAN NG CITY MAYOR NG CALAPAN

VOLUME 2 No. 47 Oct. 02, 2023 - Oct. 08, 2023

# MANGROVE PLANTING, ISINAGAWA KASAMA ANG CITY MAYOR NG CALAPAN AT ANG MGA KASAPI NG IBA'T-IBANG KOOPERATIBA SA LUNGSOD



AKTIBONG LUMAHOK at nakibahagi si City Mayor Marilou Flores-Morillo, kasama si City Councilor, Atty. Jel Magsuci sa isinagawang Mangrove Planting, bilang bahagi ng paggunita sa Cooperative Month Celebration na nakaangkla sa temang *"Cooperatives: Pioneering the Path to Recovery Amidst Modern Challenges of Climate Change and Food Security"*, na naisakatuparan sa pangunguna ng City Government of Calapan, sa pamamagitan ng City Cooperative Development Office na nasa ilalim ng pamumuno ni Ms. Villas Collera (OIC-CCCDO), katuwang ang Calapan City Cooperative Development Council, ginanap sa Oriental Mindoro National High School, Mangrove Eco Park, noong ika-4 ng Oktubre.

Nakiisa at nakibahagi sa makabuluhang aktibidad na ito ang mga kasapi ng iba't ibang kooperatiba sa Lungsod ng Calapan, kung saan sama-sama silang nagtanim dito ng Mangrove, kasama ang butihing Ina ng Lungsod.

Para kay Mayor Morillo, malaki ang maitutulong ng ganitong uri ng gawain para sa mga mamamayan, sa kalikasan at kapaligiran, maging sa Calapan na kanyang isinusulong na maging isang maunlad, mayabong at luntiang Lungsod.

*"Ito pong ating ginagawang ito ay marami po tayong natutulungan, kaya magsama-sama po tayo rito sa Lungsod ng Calapan, dahil alam ko po an ang bawat isa ay gusto na mapanatili na ang Calapan ay matawag na "Green City", at kasama ko po kayo sa pagtataguyod ng Green City of Calapan." — City Mayor Marilou Flores-Morillo*

Samantala, naging bahagi rin ng sama-samang gawaing ito sina Mr. Denisardo T. Gasic (CCCDC/CALSEDECO Chairperson), at Mr. Alberto A. Sabarias (ARD, CDA MIMAROPA), kasama si Mr. Vicente A. Marasigan, Jr. (Eco Park Development Project Coordinator) (Cedric Errol A. De Guzman/ CIO).





THE TAMARAO JOURNAL

TAMARAO JOURNAL NEWS PUBLISHING HOUSE
PUBLISHER

RUEL T. LANDICHO
PUBLISHER/ OWNER

RAIA JENNIFER E. DELA PENA
EDITOR IN CHIEF

MARIA GLENDA LANDICHO
OPERATIONS AND CIRCULATION MANAGER

JACQUILOU LIRIO
ANTON VIKTOR LANDICHO
STAFF WRITERS

MARCUS A. NEGADO
LAY-OUT ARTIST / GRAPHIC DESIGN

REYMUND AL USSAM
LEGAL CONSULTANT

THE TAMARAO JOURNAL IS A WEEKLY NEWSPAPER CIRCULATING IN THE PROVINCE OF ORIENTAL MINDORO, ISSUED EVERY MONDAY. OFFICE: IBABA WEST, CALAPAN CITY, OR. MIN. CONTACT: 09175668361
EMAIL ADD: tamaraojournal@gmail.com

WEBSITE: WWW.TAMARAOJOURNAL.COM




TINGNAN: Nagpapatuloy ang Feeding Program activity ng Pamahalaang Panlalawigan sa pamamagitan ng Provincial Health Office (PHO) at Gawad Kalinga na pangunahing sponsor ng naturang programa sa ibat ibang mga IP communities sa lalawigan.

Noong Oktubre 2-6, inikot ng grupo ni Provincial Health Officer Dr. Cielo Angela Ante ang mga barangay ng Lisap Bongabong, San Roque at Benli Bulalacao, Lantuyang Baco at Bigaan San Teodoro upang agapayan ang mga batang katutubong Mangyan sa mga naturang lugar. Maliban sa pagpapakain sa mga bata, partikular na ipinagkaloob ng PHO ang mga serbisyong tulad ng operation timbang upang i-assess ang kanilang mga kalagayang pangkalusugan, pagkuha ng kanilang height gamit ang ipinamahaging Allen stick (panukat) at iba pang mga kaugnay na serbisyo.

Matatandaang sa regular na programang ito na naglalayong mapangalagaan ang wastong nutrisyon ng mga batang Katutubong Mangyan, nagagalak si Governor Bonz Dolor na siyang personal na nag-iinisyatiba ng mga pagkaing ipinagkakaloob sa mga bata.

Kaugnay pa nito, namahagi rin ng multivitamins sa mga ito at naglagay din ng micronutrient powder sa mga pagkain upang mas madagdagan ang nutrisyong makukuha ng mga bata.

Samantala, ang grupo ng PHO, walang inaaksayang pagkakataon upang maarmasan ang mga ito ng kaalaman sa pamamagitan ng kanilang patuloy na ibinibigay na health and nutrition education, lecture on proper handwashing at nail cutting na lubhang mahalagang dapat malaman at gawin ng mga ito.


Patuloy naman nagpapasalamat ang PGOM sa Gawad Kalinga na patuloy na nagbibigay ng century tuna na nagiging katuwang ng vegetables at iba pang mga pagkaing inihandog sa mga batang IP.

Sa kabuuan, humigit kumulang sa 300 na mga bata ang nakinabang sa isang linggong programang ito ng PHO. (PIO Calapan)










For you commercial print needs!
Books, yearbooks, marketing collaterals
www.sinagprintingpress.com
sinagprinting@gmail.com / 09175668361

# PAGPUPULONG NG MGA MAGSASAKA, DINALUHAN NG CITY MAYOR NG CALAPAN

DINALUHAN ni City Mayor Marilou Flores-Morillo, kasama si City Councilor, Atty. Jel Magsuci ang isinagawang pagpupulong ng mga magsasaka na nilahukan ng mga Presidente ng bawat Farmers Association ng iba't ibang barangay sa Lungsod na bumubuo sa Calapan Federation of Farmers Association, ginanap sa Barangay Personas, Covered Court, noong ika-4 ng Oktubre.

Kaisa sa naturang gawaing ito si City agriculturist Ms. Lorelein V. Sevilla, kasama ang ilan sa mga kawani ng National Food Authority (NFA) Oriental Mindoro sa pangunguna ni Mr. Reynalde A. Bandola (Acting Assistant Branch Manager).

Nakipag-usap at nakipag-ugnayan ang NFA sa mga magsasaka, para sa layuning hikayatin sila na makapagsulong ng palay sa kanilang opisina.

Matatandaan na nagkaroon ng "Memorandum of Agreement Signing for Palay Marketing Assistance Program for Legislators and Local Government Units (PALLGU)", sa pagitan ng City Government of Calapan at National Food Authority.

Nakasaad sa nasabing kasunduan na magbibigay ang Pamahalaang Lungsod ng karagdagang P2.00 per kilo ng palay on top of the existing government support price na P19.00 per kilo na ibebenta ng mga magsasaka sa NFA, kaya naman ang Pamahalaang Lungsod ay naglaan at nagbigay ng P2 milyon, bilang karagdagang pondo para sa programang ito, para sa isang milyong kilo ng mabibiling palay para sa dry and wet cropping season.

Gayundin, may karagdagan din itong P4.00 incentive na mula naman sa nasyunal, kaya't ang dating P19.00 per kilo ng palay ay magiging P25.00 per kilo, na siyang akmang nakatutugon sa layuning matulungan ang mga magsasaka ng palay sa pagbebenta ng kanilang ani sa mas mataas na presyo at matulungan din ang gobyerno (Cedric Errol A. De Guzman/CIO).



# PUV CLASS III NA AARANGKADA SA RUTANG CALAPAN CITY-PINAMALAYAN, PINASINAYAAN AT INILUNSAD NG MITRANSCO AT ISUZU CALAPAN

PINASINAYAAN AT INILUNSAD ng MIMAROPA Transport Cooperatives (MITRANSCO) ang bagong 15 OFG-Compliant Units (PUV Class III) na inaasahang tatakbo sa rutang Calapan City-Pinamalayan via CSR - vice versa, sa ilalim ng Public Utility Vehicles Modernization Program (PUVMP), ginanap sa Isuzu Calapan City, Barangay Puting Tubig, noong ika-6 ng Oktubre.

Ang Public Utility Vehicle Modernization Program (PUVMP), ay makatutulong at makapagbibigay ng kaalwanan sa mga mamamayan, sapagkat layunin ng programang ito na maibigay ang mahusay, moderno, komportable at ligtas na pampublikong transportasyon sa bawat panig ng bansa, gayundin para mapangalagaan ang kapakanan at kaligtasan ng mga pasahero, maging ng mga tsuper. Samantala, ang naturang aktibidad ay dinaluhan ni City Mayor Marilou Flores-Morillo, kasama sina City Councilor Atty. Jel Magsuci, City Councilor Ho. Genie R. Fortu, at Board Member, Hon Alely Casubuan.

Narito rin sina Mr. Albert Cayetano (Chairman of the Board, MIMAROPA Transport Coperative), Mr. Riger King of Isuzu Calapan, Mr. Yasuhko Oyama (Vice President-Sales, Isuzu Philippine Corporation), Mr Genaro Rhon Cleofe Jr. (Operations Manager, Isuzu Calapan), RADM. Loumer P. Bernabe PN (Ret.), Regional Director, LTFRB Region IV-B, at Mr. Edwin Roel Ramos (Assistant Vice President, Oriental Mindoro Lending Center, LBP) (Cedric Errol A. De Guzman/CIO).



THE TAMARAO JOURNAL

VOLUME 2 No. 47 Oct. 02, 2023 - Oct. 08, 2023

MSP GAS
RETAILING STATION
Gasolina at Krudo,
Sigurado at Garantisado
BARANGAY GULOD,
CALAPAN CITY, OR. MINDORO
CONTACT: 09295453013

# *LILAC SA KANILANG IKA-DALAWANG TAON*

SA TEMANG "Everything is Better When We Are Together" ay ginawang payak ngunit makahulugang ipinagdiwang ng Lingkod Lgbtqia + Association of Calapan City (Lilac Calapan) ang kanilang ika-dalawang taon ng pagkakatatag, September 30, 2023, Afra's Bar. Salat man sa pondo pero hindi naging hadlang ito upang maipakita na nananatiling buo at matibay ang samahan ng LILAC na nabuo kasabay ng pag-usbong ng pangarap ni City Mayor Malou Flores-Morillo na paglingkuran ang taumbayan ng Calapan.

Pangunahing layunin ng samahan na mabigyang proteksyon ang karapatan ng bawat kasapi, maiangat ang antas ng pamumuhay at maging katuwang ng Pamahalaan Lungsod sa pagpapaunlad ng ating bayan. Mababakas sa mukha ng mga miyembro ng LILAC ang kagalakan na muling magkasama-sama sa isang gabi ng kasiyahan at kamustahan.

Sa makasaysayang okasyon ay dumalo ang mga halal na opisyales ng organisasyon na kinabibilangan nina: President: Cleo Aquino, Vice President: Andrian Actas, Secretary: Kiel Abraham Generato, Treasurer: Jorgel Maranan, at Auditor: Rommel Sanchez.

Kumpleto rin ang kanilang Board of Directors na sina: Jojo Barrientos, Rhenejim Jhun Dela Cruz, Mark Vener Zamora, at Aristeo Ahorro.

Ngayong taon, dalawa sa mga kasapi ng samahan ang ginawaran ng parangal, sila ay sina: Cleo Aquino para sa 'Service Excellence Award' at John Joshia Guerra bilang 'Most Active LILAC Member'.

Naging laman ng mensahe ni President Cleo ay kanyang ginunita ang mga panahon na kung saan ay pinagsisikapang buuin pa lamang ang LILAC, gayundin ang nakalipas na dalawang taon ng pagtataguyod ng kapakanan ng kanilang mga miyembro at taga-suporta. Umaasa siya na magpapatuloy ang legasiyang sinimulan ng samahan.

Dahil likas sa mga LGBTQIA+ ang pagiging kuwela at malikhain ay nagkaroon sila ng 'Surprise Miss Gay Pageant' na lalong nagpatingkad sa gabi ng selebrasyon.

Naging panauhin sa 2nd Founding Anniversary ng LILAC sina City Councilor Hon. Rius Agua at Hon. Ricka Goco.

Si City Mayor Malou Flores-Morillo bagamat hindi nakadalo sa nasabing okasyon dahil sa equally important na lakad ay nananatiling buo ang pagsuporta sa adhikain ng LILAC (Junard Acapulco/ CIO).





